

1

Kinusot ni Isabelle ang kanyang mga mata nang magising siya sa malakas na ring ng kanyang alarm sa cell phone. Monday na naman... ang araw na kinayayamutan niya at ng iba pang office workers tulad niya. Kahit na nahirang si Isabelle na model employee for the past two years, she was still not immune to ‘Monday Sickness’.

Pinatay ng dalaga ang alarm ng cell phone niya at pinilit bumangon. Hirap na hirap siyang idilat ang mga mata at alisin ang katawan mula sa kama dala ng labis na kaantukan. Paano’y napuyat siya buong gabi kababasa ng mga aklat nina Nora Roberts at Janet Dailey. Hilig niya ang magbasa ng American romance novels since her college days. Ang pumanaw niyang ina ang naka-impluwensya sa kanya sa pagbabasa ng romance. Namatay ito sa colon cancer.

Mabilis na naligo si Isabelle at nagbihis. She donned her usual office getup: pencil-cut skirt, black horn-rimmed glasses, at white blouse na lumolobo pa ang mga manggas at may ruffles sa bandang collar. ‘Manang’ ang kadalasang tawag sa kanya ng officemates niya kahit na karamihan sa mga ito ay

mas matanda pa kaysa sa kanya. Ngunit wala siyang pake sa pangangantiyaw ng mga ito. Eh, sa ganoong istilo ng damit siya komportable.

May kalahating oras bago nakasakay ng tren si Isabelle at siksikan pa sa loob niyon. Nakagawian na niyang mag-*MRT* tuwing umaga sa pagpasok sa opisina, walang palya. At sa uma-umaga niyang pagsakay sa *MRT*, wala ring palya na nagkakasabay sila ng kaopisina niyang si Melvin.

Parehong nagtatrabaho bilang payroll analysts sa *Progression*, isang BPO company sa Eastwood City, sina Isabelle at Melvin. Ngunit kahit na lagi silang nagkakasabay sa *MRT*, kahit kailan ay di sila nakakapag-usap. Paano'y lagi silang magkalayo ng puwesto sa tren at maraming tao sa pagitan nila.

Kahit sa opisina ay hindi rin sila nagkikibuan kahit na pareho sila ng palapag na pinagtatrabahuan at magkalapit ang kanilang workstations. Magkaiba kasi sila ng account na hinahawakan. *Rising Sun* ang account na kinabibilangan ni Isabelle, isang hardware and software developer Australian-based company. Bahagi naman si Melvin ng *Clean & Groom*, isang kompanya na nagbebenta ng hygienic products. Mas popular ito sa pinaikli nitong pangalan na C&G.

The Only Exception - Angela Pangilinan

At parang lalong nakabawas iyon sa tsansang magkaroon sila ng interaction sa isa't isa.

“*Araneta-Cubao Station*,” halos di maintindihang anunsyo ng *MRT* operator mula sa speakers ng tren.

Nagtulakan ang mga tao upang makalabas ng tren. Maraming mga babae ang nagrereklamo na nasiko o naapakan sila. Marami nang beses na naapakan si Isabelle but she didn't mind. Sanay na siya sa mga ganoong eksena sa araw-araw na pagsakay niya sa *MRT*.

Mula sa *MRT* station, pumasok sa isang kalapit na mall si Isabelle at nagtungo sa istasyon ng shuttle bus na magdadala sa kanya sa Eastwood City. Nagkakasabay rin sila madalas ni Melvin sa shuttle bus ngunit hindi pa rin sila nag-iimikan. Laging naka-headset ito at minsa'y napapa-indak pa ang ulo na animo'y aliw na aliw sa kantang pinapakinggan.

At ngayong araw, na para bang sadya silang pinaglalapit ng pagkakataon, magkatabi ng upuan sa shuttle bus ang dalawa. Bahagya at dahan-dahang nilingon ni Isabelle ang lalaki upang di siya nito mahalata. Napansin niya na wala rin itong headset na suot ngayong araw.

Go girl. Ito na ang tinatawag na fate! In Tagalog,

fagkakataon! Kausapin mo na siya, girl! tila kinikilig na buyo ng isang tinig mula sa kanyang isipan.

Ngunit pinangunahan ng hiya ang dalaga. Kahit na malabo ang mga mata niya, maliwanag pa sa sikat ng araw ang nababanaag niyang kaguwapuhang taglay ni Melvin. May pagka-chinito ito, yet the pupils of his eyes were perfectly round and expressive, nagmumukha pang tantalizing sa haba ng mga pilik-mata. May kaunting freckles ito sa mukha and Isabelle thought Melvin's ruffled jet-black hair was cool and sexy.

The man's lean and muscular built was prominent in the long-sleeve plain dark polo he was wearing right now. Parang ang hahaba ng biyas nito sa straight cut nitong gray slacks. Sa tantya ni Isabelle ay nasa 5'9" ang lalaki, tatlong pulgadang mas mataas sa kanya.

Paanong hindi siya matatameme? Bukod sa guwapo ang katabi niya... matagal na rin niya itong iniibig nang palihim.

“O, kumusta naman ang mute date?” bati ng kagdogbone niyang si Dorothy a.k.a. Doray.

“Mute date?” takang tanong ni Isabelle habang

ino-on ang kanyang computer.

“Kayo!” At ngumuso si Doray sa direksyon ng workstation ni Melvin na kasalukuyang binubuksan din ang computer nito. “Lagi kayong magkasabay pumapasok pero di naman kayo nag-uusap. So, mute date!” dagdag pa nito.

Si Doray lamang ang nakakaalam ng kanyang lihim na pagtingin sa binata. Sa totoo lang, hindi niya direktang sinabi rito ang tungkol kay Melvin. Nalaman lamang ni Doray ang kanyang pinakatatagong lihim nang mahuli siya nitong hinahalikan ang kanyang cell phone noong isang linggo. Hindi namalayan ni Isabelle na nasa likuran lang niya ito at kinuha ang cell phone niya. At tumambad sa paningin ng kaibigan ang larawan ni Melvin na hinahalikan niya. Mabuti na lang at magaling magtago ng sikreto si Doray.

“Ayun, mute date pa rin,” dismayadong sabi ni Isabelle sabay tinatamad na naupo sa kanyang swivel chair.

“Hindi pa rin kayo nag-uusap?” Doray said, exasperated. “For heaven’s sake, Maria Isabelle Agoncillo, three years na kayong nagkakasabay, wala pa rin kayong communication?”

“Doray, hindi niya ako type, ’no!” sabi niya

habang tina-type ang password niya. “Halata naman.”

Tumayo ang kaibigan sa workstation nito at nilapitan siya. “Eh, kasi naman, mukhang sa *National Museum* ka yata nagsha-shopping ng mga damit mo. Try mong kahit sa Divisoria ka lang magtingin-tingin minsan ng wardrobe set nang mapansin ka niya kahit paano.” Hawak ni Doray ang sleeve ng kanyang white blouse habang sinasabi iyon.

“Ayoko nga.” Marahang iniigkas ni Isabelle ang kanang braso upang mabitawan ni Doray ang sleeve niya. “Ayokong baguhin ang nakasanayan ko na para lang sa isang lalaking wala naman yatang pakialam sa akin. ’Tsaka career muna ang focus ko ngayon, saka na ang love life.”

Ang salamin naman niya sa mata ang pinagdiskitahan at tinanggal ni Doray. “Alam mo, Isa, para kang female version ni *Harry Potter* sa salamin mo,” puna nito.

“At may suot din na invisibility cloak dahil hindi ako nakikita ni Melvin,” dagdag ng dalaga sabay balik ng salamin niya.

“Makikita ka lang niya kung...” Hawak ni Doray ang baba gamit ang hintuturo at hinlalaki na animo’y nag-iisip. “...aamin ka na sa feelings mo sa kanya!”

The Only Exception - Angela Pangilinan

She snapped her fingers pagkasabi niyon na para bang isang bright idea ang naisip nito.

Pinandilatan niya ito. Isabelle was horrified at the thought. “Baliw! Hindi puwede. Babae ako!”

“Girl, hindi na uso na laging naghihintay ang babae sa lalaki. In case you were not informed, puwede mong i-search sa *Google* ang tinatawag na gender equality.”

“Pero baka lang di ko na kailangang gawin ’yun, kasi naniniwala ako sa kasabihang ‘True love comes to those who *wait*’. Malay natin... type din pala ako ni Melvin. Nahihiya lang din siyang tulad ko at naghahanap ng timing kung kailan siya aamin.” She giggled after saying that. Minsan talaga napakasarap magpantasya.

“Assumerang frog!” basag ni Doray sa pantasya niya at marahan siya nitong kinurot sa baywang. “Tsaka girl, kaka-revise lang ng sinabi mong quote. True love comes to those who *flirt* na ang uso! Tulad ng babaeng iyon, o!” At inginuso nito ang direksyon ni Melvin.

Tumingin si Isabelle sa workstation ng binata at nakita niya ang isang eksenang makakasira ng Monday morning niya. Isang babae ang palapit kay

The Only Exception - Angela Pangilinan

Melvin. Kahit siya ay nagandahan sa babae: fair-skinned, tall, slender, long brown hair that delicately curled at the tips. Si Victoria.

“Hi, Melvin, katarating mo lang?” bati ni Victoria sa binata. She also had a dreamy voice to boot.

Kaya hindi rin masisi ni Isabelle si Melvin na ngayon ay sobrang luwang ang pagkakangiti kay Victoria. The woman was really gorgeous. Kahit nga mga lalaking ka-team niya ay nagkakagusto rito.

Rising Sun din ang account ni Victoria. Ngunit *Compensation & Benefits* ang team na kinabibilangan nito kaya hindi niya ka-close.

“Lunch later?” narinig pa niyang tanong ng babae kay Melvin.

“Sure,” masiglang tugon ng lalaki.

At naglakad na paalis si Victoria.

Lunes pa lang pero mukha nang Biyernes Santo ang pakiramdam ni Isabelle sa nasaksihang tagpo. Kahit na sanay na siyang araw-araw niyang nakikitang dumadalaw si Victoria sa workstation ni Melvin ay hindi pa rin nababawasan ang nadarama niyang selos.

“Isa, huwag nang malungkot, maganda nga

si Victoria, pero wala naman siyang kamukhang artista... like you!”

“May kamukha akong artista? Sino?” Isabelle cheered up a little bit sa sinabi ni Doray.

“Si Jelly... *Jelly De Belen.*”

“Tse!” Ipamukha ba naman na nagseselos siya. “Magtrabaho na nga lang tayo!” inis niyang bulyaw sa kaibigan.

“May inuman kami mamaya kina Pareng Asyong, baka gusto mo ulit sumama?”

Kasalukuyang kausap ni Melvin ang kanyang ama sa cell phone at niyayaya na naman siya nito ng inuman. Sinamahan niya si Tatay Enteng sa isang fiesta kahapon at napainom sila. At hindi niya kaya ang magkasunod na gabi ng inuman kaya tinanggihan niya ang alok ng ama ngayon. Hindi siya palainom na tao.

Hindi naman tomador si Tatay Enteng. Madalas lamang itong makisali sa mga inuman ngunit alam naman ng ama ang limitasyon nito sa alak. Lumaki si Melvin na nakikitang madalas ang ama sa mga inuman kasama ang mga trabahador nito sa

The Only Exception - Angela Pangilinan

pagawaan ng mga rebultong marmol. Hindi naman niya ito masaway dahil sa palagay niya, alak lamang ang nakakapagpalimot dito ng isang masalimuot na pangyayari na hanggang ngayon ay kimkim pa rin ng ama, ang biglaang pang-iiwan sa kanila ng nanay niya. Hindi nakilala ni Melvin ang ina dahil sanggol pa lamang daw siya nang iwan na lang sila nito nang walang paalam. Kahit ganoon ang ginawa sa kanila ng kanyang ina ay di naman siya nagtanin ng galit dito. Isa pa, wala pa siyang muwang noon nang iwan sila nito.

Isa lang ang naidulot niyon kay Melvin: natakot siyang magmahal. Ayaw niyang matulad sa ama na labis na nasaktan nang iwan ito ng babaeng pinakamamahal.

Nagpaalam na siya sa ama sa cell phone at magpapatuloy na sana siya sa pagtatrabaho nang maagaw ang atensyon niya ng isang babaeng nakita niyang naghihikab limang workstation ang layo mula sa kanya. Kahit na hindi niya ito ka-account, alam niyang Isabelle ang pangalan nito dahil naririnig niya ang mga ka-team nito kapag tinatawag ang naturang babae. At madalas ding tuksuhin ang dalaga na 'Manang' dahil sa pananamit nito at makapal na salamin.

The Only Exception - Angela Pangilinan

Ngunit minsan ay natiyempuhan niya si Isabelle na nagtatanggal ng salamin nito upang kusutin ang mga mata. At para siyang namatanda noon dala ng pagkagulat at pagkamangha nang first time niyang makita ang babae nang walang salamin. Behind those ridiculously thick glasses were the most resplendent brown eyes he had ever seen. Those brown eyes accentuated the hidden beauty and charm of Isabelle's small and perfectly-contoured face. She had a sharp nose and rosy red, full lips. He could only imagine the softness of those luscious lips of hers.

Nahawa yata siya sa paghihikab ng babae at nakadama siya ng antok. Naisipan niyang tumayo at maglakad-lakad.

Antok na antok si Isabelle pagsapit ng hapong iyon. Nang napapapikit na ang mga mata niya, dali-dali niyang kinuha ang kanyang tumbler mula sa kanyang shoulder bag at naglakad patungong pantry. She was craving for a glass of *Milo* that afternoon. Kailangan ng katawan niya ng sugar rush para magkaroon siya ng enerhiyang magtrabaho.

Please, let there be Milo. Please let there be Milo...

Ito ang paulit-ulit na umaandar sa isip niya

habang palapit sa pantry. Paano'y tuwing hapon na nagpupunta siya sa pantry ay palagi siyang nauubusan ng *Milo*. Mabibilang lang sa kanyang mga daliri kung ilang beses siyang nakatimpla ng naturang chocolate drink sapagkat mabilis pa sa alas kuwatro kung maubos iyon.

Ang ilang empleyado kasi ng *Progression* ay napakarami kung makakuha ng scoop ng *Milo* powder. Minsan nga ay nakita ni Isabelle si Doray na sampung scoop ang kinuha samantalang napakaliit lamang ng tumbler nito. Kung hindi iyon tinitimpla ng mga empleyado, pinapapak naman ang naturang chocolate powder.

Nang buksan ni Isabelle ang pinto ng pantry ay nadatnan niya roon si Melvin. Nakatayo ito sa tabi ng table na kinapapatungan ng isang bote ng *Cheez Whiz* at mga garapon ng kape, creamer, iced tea, asukal, at *Milo*. May hawak si Melvin na isang scoop. Mabilis na rumehistro kay Isabelle kung ano ang laman ng naturang scoop: ang paborito niyang *Milo*.

Nakadama siya ng pagkadismaya nang balingan ng tingin ang garapon ng *Milo*... wala na iyong laman. Nagtungo siya sa table at saglit na pinag-isipan kung alin na lamang ang titimplahin. Matapos ang saglit na pag-iisip, nagdesisyon siyang kape na lang

ang timplahin. Hindi siya gaanong mahilig sa kape ngunit naisip niya na sayang naman ang effort niya sa pagpunta sa pantry kung wala siyang titimplahing kahit ano.

Medyo nako-conscious ang dalaga dahil nasa tabi niya pa rin si Melvin na hinahalo ang tinitimplang *Milo*. Mabuti na lang at kahit paano ay nako-control niya ang paglabas ng nadaramang kilig sa katawan na kanina pa gustong kumawala. Akmang ilalagay na ni Isabelle ang scoop ng kape sa kanyang tumbler nang madama niyang may humawak sa kanyang pulsuhan dahilan upang matigil siya sa dapat gagawin.

At sigurado ang dalaga na si Melvin iyon dahil sila lang naman ang tao sa pantry at katabi niya ito. Napasinghap siya at naamoy ang pamilyar na pabango ng lalaki. Nilingon niya ang lalaki upang itanong dito kung bakit siya nito hinahawakan. Ngunit hindi niya pa nabibigkas ang kanyang katanungan ay sinagot na iyon ni Melvin.

“Palagay ko, mas gusto mo ng *Milo* kaysa sa kape,” sabi nito.

Ngayon lang niya yata narinig magsalita si Melvin. Masigla ang boses nito, baritono na may kaunting growl na mauulinigan sa huling syllable ng sinabi nito. Isabelle found that tiny growl sexy.

The Only Exception - Angela Pangilinan

Biglang kinuha ng lalaki ang tumbler niyang hawak at isinalin doon ang tinimplang *Milo*.

“Sa ’yo na ’yan,” nakangiting sabi nito at naglakad na palayo ng pantry bago pa man makapagpasalamat si Isabelle.

Natigilan siya dala ng di-inaasahang naganap. Ipinagtimpla siya nito ng *Milo*! Tinikman niya ang naturang chocolate drink. Masarap iyon at matamis... swak na swak sa panlasa niya.

At mas matamis iyon dahil ang lalaking lihim niyang iniibig ang nagtimpla. Baka nga sa sobrang tamis ay magka-diabetes na siya combined with high-blood pressure dahil naman sa nag-uumapaw na kilig na nakawala na sa kanyang katawan nang makaalis na si Melvin.

Inilihim muna ni Isabelle kay Doray ang encounter niya kanina kay Melvin sa pantry. Gusto niya munang sarilinin ang kilig. Gusto niya munang namnamin ang mga alaala na nakasama niya ang lalaki kanina. Kaya kahit hindi naging maganda ang salubong ng Lunes na iyon sa kanya, bigla siyang naging ganadong-ganado magtrabaho sa mga sumunod na oras. Napapangiti pa nga siya kahit na

The Only Exception - Angela Pangilinan

ang mga nababasa niyang email ay mga tanong ng mga galit na empleyado na kanilang pinapasuweldo.

Kapag may pagkakataon, palihim niyang tinatanaw si Melvin na limang dogbone ang layo mula sa kanya. Matagal na niyang ginagawa ito... ang hangaan ang lalaki mula sa malayo. Ayaw niyang aminin dito ang nadarama. Hindi sila gaanong close. At isa pa, baka masaktan lamang siya. May mga tsismis kasi na girlfriend nito si Victoria bagaman walang kumpirmasyon na nanggagaling mula sa dalawa. Kaya mabuti nang hanggang tanaw-tanaw na lamang siya rito mula sa malayo. At habang tinatanaw niya nang mga oras na iyon si Melvin ay lalo siyang ginanahan sa trabaho.

“Isa, puwede ba kitang makausap?”

Napabalikwas si Isabelle. Doon lang niya namalayang nakatulala na pala siya.

“Ay, yes, Ma’am?” nabiglang sambit niya, napabalik sa katinuan.

Ang labis na kasiyahanang nadarama kanina ay napalitan ng matinding kaba. Kaharap niya ngayon ang kanyang manager na si Joanne. May pagka-istriktita ito at madaling makapuna ng kaunting pagkakamali nila.

The Only Exception - Angela Pangilinan

Dalawa lamang ang naisip ni Isabelle na dahilan kung bakit gusto siyang makausap ni Joanne: may kailangan ito sa kanya at ang mas malala, may nagawa siyang mali sa trabaho niya. Binalikan ni Isabelle ang mga nagawa niya noong isang linggo. Kahit nagkamali siya sa pag-compute ng suweldo ng isang empleyado ay agad naman niya iyong nagawan ng paraan. Pinasalamatan pa nga siya ng naturang empleyado dahil sa mabilis niyang pag-aksyon.

Naging on-time din siya sa pagti-trigger ng mga suweldo. Ang *trigger* ay ang pag-transfer ng suweldo ng mga empleyado sa bank accounts ng mga ito. Kaya hindi maisip ni Isabelle kung ano ang nagawa niyang mali upang kausapin siya ngayon ng kanyang manager.

Napalunok tuloy siya sa kaba. Nalalahanan niya pa ang kaiinom lang na *Milo*.

Huminga nang malalim si Joanne bago sinabi ang pakay. “Isa, puwede ka bang sumali sa *Payroll Fun Day* ngayon?”

Nakahinga siya nang maluwag. Akala naman niya ay kung ano na ang kailangan sa kanya ni Joanne.

Di na siya tumanggi. Isa pa, nakakawala ng stress sa trabaho ang pagsali sa *Payroll Fun Day*. Weekly

mini-games iyon kung saan maglalaban-laban ang representatives ng bawat payroll accounts sa isang parlor game. Ngayong Lunes, isang laro na hango sa popular na game show na *Family Feud* ang kanilang lalaruin. Sina Isabelle, Doray, at ang tatlo pa nilang ka-team ang representante ng account nilang *Rising Sun*.

Matapos ang limang minutong paghihintay sa pantry na venue ng laro, dumating na ang makakalaban nilang account. Muli ay nagulat si Isabelle. Kalaban nila ang C&G. At isa si Melvin sa mga manlalaro nito.

Pinapila sila ng dalawa ng linya sa harap ng isang malaking white screen kung saan naka-project ang kanilang magiging sagot sa itatanong na survey question ng emcee.

“Ano’ng mga bagay ang kadalasang mabilis maubos ang stock sa office?” tanong ng emcee.

Unang nag-buzzer ang C&G.

“Bond paper,” sagot ng isa nitong manlalaro.

Nakapuntos ang C&G. Nasagot pa ng tatlo pa nitong miyembro ang mga sagot sa survey question: printer toner, ballpen, at binder clips. Ang top answer na lang ang di pa nasasagot. At nagkataong si Melvin

na lang ang di pa nakakasagot sa hanay ng C&G.

“Melvin,” untag ng emcee rito. “Anong mga bagay ang kadalasang mabilis maubos ang stock sa office?” ulit nito sa tanong.

Tumunog ang stop clock at napansin ni Isabelle na parang pressured si Melvin sa pag-iisip. Nang malapit nang matapos ang oras, biglang sumagot ang lalaki.

“Correction tape?” alanganin nitong sagot.

Tumunog ang wrong answer buzzer mula sa speaker ng laptop.

“*Rising Sun*, you want to steal?” baling sa kanila ng emcee.

Dahil si Isabelle ang nasa pinakaunahan ng linya ay siya ang dapat sumagot. Nilapitan na siya ng babaeng emcee upang hingin na ang kanyang sagot.

“Uhm,” panimula ni Isabelle, hindi alam ang isasagot. Dahil sa kaba ay luminga-linga siya sa paligid na para bang hinihintay niya na mag-pop out sa kung saan ang sagot. Sa kanyang paglinga ay di sinasadyang nagkatinginan sila ni Melvin.

Bingo!

“M-Milo?” usal niya.

Nag-ding ang buzzer, meaning tama ang sagot niya, at nag-flash sa screen ang salitang ‘Milo’ bilang top answer. Dahil siya ang nakakuha ng top answer, ang koponan nila ang nanalo sa larong iyon. Nagyakapan silang magkaka-team sa saya. Nang kumalas siya sa yakap ni Doray, tumalikod na siya rito upang tunguhin ang pintuan palabas ng pantry.

Paglingon niya, nakita na lamang niya ang sarili na kaharap si Melvin. Nakatingin lamang ito sa kanya na parang may gustong sabihin. Ilang segundo niya itong tiningnan sa mga mata bago siya nag-iwas ng tingin. Paano’y nahihiya pa rin siya rito. Baka kasi mahalata ng lalaki sa kanyang mga tingin ang tunay niyang nadarama para rito.

Napansin niyang inilahad ni Melvin ang kanang kamay at kinamayan siya sabay sabi, “Congrats sa inyo.”

Nakabitaw na sa kamay niya ang lalaki nang mag-angat siya ng paningin. Palabas na rin ito ng pantry.

Bahagyang binangga siya ni Doray sa balikat na tila sinasabing, “Nakita ko ’yun!”

“Doray, napansin na niya ako,” sabi ni Isabelle

The Only Exception - Angela Pangilinan

sa mahina ngunit masayang tono. “Palagay ko...
natanggal na ang invisibility cloak na suot ko.”

2

Hindi matanaw ni Isabelle ang mukha ni Melvin sa *MRT* station nang umagang iyon. Inaasahan niya pa naman na muli niya itong makikita gaya ng nakasanayan niya.

Baka naka-leave, nasaisip niya. At nakadama siya ng lungkot. Sumakay na siya sa tren. Medyo siksikan na sa loob. Magsasara na ang pinto ng tren ngunit di niya pa rin makita si Melvin. Nawalan na ng pag-asa si Isabelle. Iniwas na niya ang mga mata sa papasara nang sliding doors ng tren.

“Ay, ano ba ‘yan!” angil ng tinig ng isang babae.

Nagtinginan ang lahat ng mga pasahero sa babae na nakatayo malapit sa pinto ng tren. Maging siya ay napatingin. Ngunit sa halip na sa babae ay naagaw ang kanyang mga mata ng lalaking malapit dito.

Si Melvin.

Kaya sumigaw ang babae ay dahil nabangga yata ito ng kanyang katrabaho nang magpumilit ang lalaki na makapasok sa papasarang pintuan ng tren.

“Sorry po... sorry po talaga. Kailangan ko lang

po kasi talagang magmadali.”

Ngunit nakasimangot pa rin ang babaeng nabangga ni Melvin na sa tingin ni Isabelle ay humigit-kumulang cuarenta na ang edad.

“Kita na ngang pasara ang pinto, sumingit ka pa!” galit pa ring usal ng babae.

Tuluyan nang nagsara ang pinto at umusad na ang tren. Nanahimik na ang babae ngunit bakas sa mukha nito ang inis. Luminga-linga si Melvin at napansin siya nito. Nagpakawala ito ng isang ngiti. His set of pearly white teeth was really noticeable... kahit na malayo siya mula rito at kahit na malabo pa ang mga mata ni Isabelle.

Ginantihan din niya ang lalaki ng isang ngiti... ngiti na sa tingin niya ay mas maliwanag pa sa araw dahil sa sobrang tuwa at kilig na nadarama niya sa kanyang puso.

Nang makarating na ang tren sa *Araneta-Cubao Station*, unang nakalabas ng tren si Melvin. Bahagyang nagulat si Isabelle nang mapansing nakatayo ito malapit sa pinto sa labas ng tren.

Hinihintay siya.

Nang tuluyan na siyang makalabas ng tren ay

muli siya nitong ginawaran ng ngiti. “Hello,” bati nito. “Isabelle, right?”

Tumango lang si Isabelle bilang tugon. Animo tinakasan siya ng kanyang boses.

“Okay lang ba sa ’yo kung sabay na tayo papunta ng shuttle?” alok ng lalaki.

“S-sige,” nautal niya pang sambit. Ngunit ang isip ni Isabelle ay sumisigaw ng, “*Hindi okay... dahil okay na okay. Mas okay pa sa all right!*”

Sabay nilang tinahak ang daan papuntang shuttle bus.

“Lagi ka bang nag-e-*MRT* papasok?” tanong ni Melvin marahil upang punan ang nakakailang na katahimikan sa pagitan nila.

Bahagyang siyang nadismaya sa tanong na iyon ng binata. Naisip niya na sa halos tatlong taon pala nilang nagkakasabay sa *MRT* ay di siya nito napapansin.

“Oo...” usal niya. Nawala na ang mga ngiti niya dala ng disappointment. “Minsan nga nakakasabay pa kita,” dagdag pa niya, sa tonong parang nanunumbat.

Nakita niyang nagtaas ng mga kilay si Melvin na para itong nagulat. “Talaga? Nagkakasabay tayo...”

minsan?” Melvin put an emphasis on the last word.

“Oo nga,” medyo iritableng tugon ni Isabelle.

“Ang alam ko kasi, nagkakasabay tayo... *palagi*.”

Natigilan sa paglalakad si Isabelle. Batid niyang namumula siya dala ng hiya sa sinabi ni Melvin. Ilang metro na ang layo ng lalaki sa kanya bago nito napansin na tumigil siya sa paglalakad.

“Alam mong nagkakasabay tayo *palagi* sa *MRT*?”

“Yup,” Melvin answered with a gentle growl that Isabelle really found sexy and... seductive. “Kaya lang, natatakot akong kausapin ka. Palagay ko kasi, suplada ka,” sabi pa nito.

“Ako? Suplada? Ikaw kaya d’yan ang mukhang suplado. Well, I guess suplado ka ngang talaga kasi kahapon, magkatabi na tayo sa shuttle, di mo naman ako kinausap.”

“Eh, kasi nga mukha kang suplada.”

Magsasalita pa sana siya upang ipagtanggol ang sarili ngunit inunahan na siya ng lalaki.

“Sige na, alam kong sasabihin mong hindi ka suplada. At dahil hindi rin naman ako suplado gaya ng akala mo... can we be friends?” Naglakad palapit

The Only Exception - Angela Pangilinan

sa kanya si Melvin at inialok nito ang kanang kamay na tila gustong makipag-handshake.

“Friends lang?” wala sa loob na usal ni Isabelle.

“Ano?” kunot-noong tanong ni Melvin.

Doon lang nag-sink in kay Isabelle ang nasabi. Muli siyang nakadama ng hiya. “I mean... friends... okay... we’re friends now,” putol-putol niyang sambit. Kinuha na rin niya ang nakalahad na kamay nito at nakipag-shakehands dito.

Kung si Isabelle lang ang masusunod ay ayaw na niyang bitawan pa ang kamay ni Melvin. She wanted the feel of his hand to linger. His warm touch sent a tingling shock through her body. Ngunit agad niyang pinakawalan ang pagkakahawak niya sa kamay ng lalaki. Natatakot siya na baka mahalata nito na hindi lang pakikipagkaibigan ang gusto niya rito.

“OMG. Kayo na?” bulalas ni Doray pagkaupo ni Isabelle sa kanyang workstation.

Marahil ay nakita ni Doray ang pagsasabay nila ng binata pagpasok sa pinto ng eighth floor. At palagay rin niya ay nakita nito ang pag-uusap nila ni Melvin bago siya nagtungo sa kanyang workstation.

“FMG, Doray,” sagot niya sa kaopisina.

“FMG?” pagtataka nito. “Di ba ‘yun ‘yung judge sa *Pilipinas Got Talent*?”

“Puwede. At marahil, hindi ako pasado sa standards ni Melvin kaya ni-FMG niya ako: Friendship Muna Girl.” Napabuntong-hininga si Isabelle pagdaka.

Nilapitan siya ni Doray at dahang-dahang tinapik sa balikat. “Naloko na, na-friendzone ka.”

“Okay lang, Doray. Sa panahon ngayon, uso ang moving on kahit hindi naging kayo.”

Nang umupo na si Doray sa workstation nito ay sinimulan na ni Isabelle ang morning habit niya bago tuluyang magsimula sa pagtatrabaho: ang pagmasdan mula sa malayo si Melvin... ang bago niyang *kaibigan*.

Naka-earphones ito at halatang natutuwa sa pinakikinggan nitong kanta. Batid ni Isabelle na mahilig ang binata sa pakikinig ng mga kanta dahil madalas niya itong nakakasabay sa shuttle na laging naka-earphones. Ngunit hindi niya alam ang mga tipo ng kantang pinakikinggan nito. Palagay niya, mahilig si Melvin sa hard rock or alternative rock dahil napapansin niyang napapaindak pa ang ulo nito habang nakikinig.

The Only Exception - Angela Pangilinan

Bumukas ang pinto ng eighth floor at pumasok doon isang babae na may kasamang security personnel. The woman was wearing a white blouse, flesh-colored silk blazer and pants. She had a sharp nose and scrutinizing eyes. Taas-noo rin ito kung maglakad at wari’y hindi nito tinatapunan ng tingin ang mga taong nakakasalubong. There was something aristocratic in the way she walked.

She was Mrs. Melanie Villagracia, ang VP for Operational Management ng *Progression*. Tumayo ang mga empleyado sa kani-kanyang workstation at nagsibati ng “Good morning, Ma’am” sa babae. Matipid na ngiti lang ang iginawad ni Mrs. Villagracia sa mga nadaanan nito.

Dahil naka-earphones si Melvin ay huli na nang mapansin nitong naroon pala ang VP. Gulat na napatayo ito upang batiin din ang naturang executive. Ngunit sa biglaang pagtayo ng lalaki ay natanggal ang earphones nito sa pinagkakabitan niyong cell phone at biglang umalingawngaw ang isang kantang hard rock metal.

Napatingin ang mga kalapit nilang officemates kay Melvin dahil sa malakas na patugtog habang nagkukumahog ang lalaki sa pagpindot ng cell phone nito upang patayin ang kanta. Pansin ni Isabelle na

pinipigilan ng mga kaopisina nila ang tumawa. Nang mapatay na ni Melvin ang kanta ay halatang kabado itong napatingin kay Mrs. Villagracia. The woman gave him a piercing look.

“Mister—” sabi ng VP.

Lumunok muna si Melvin bago nakasagot. “Arcilla, Ma’am.”

“Mr. Arcilla,” the woman said in an intimidating voice. Napansin ni Isabelle ang pamumutla ni Melvin. Di rin ito makatingin nang derecho sa babae. “Trabaho ang ipinunta mo rito at hindi para makinig ng mga kanta ng kung anong bandang puro sigaw lang ang alam,” she said in a crisp voice.

“I’m sorry po, Ma’am.”

At nagpatuloy sa paglalakad ang babae. Tumutunog pa ang high heels nito habang naglalakad palayo.

Nang makalayo na si Mrs. Villagracia, agad na kinantyaw ang lalaki ng mga ka-team nito.

“Nice one, Melvin. Kilala ka na ni Mrs. Villagracia. Mapo-promote ka na rin n’yan bilang VP,” anang babae na kulot-kulot ang buhok.

“VP ng mga janitor,” susog ng lalaking

nakasalamín.

At naghalakhakan ang buong team ng C&G.

Napansin ni Isabelle na hindi nakikisama sa halakhakan si Melvin. Marahil ay kinakabahan ito at baka ipatangal ni Mrs. Villagracia. Labag kasi sa company rules ng *Progression* ang pagpapatugtog nang malakas.

Palagian nang nagsasabay sa pagpasok sina Isabelle at Melvin mula nang nagkaroon sila ng rapport. Ngunit sa kanilang pagsasabay, mas marami pa rin ang mga sandaling tahimik lamang sila kaysa nag-uusap. At kung mag-uusap naman sila ay halos work-related lamang.

Nalaman ni Isabelle na India ang bansang hinahawakan ni Melvin sa C&G.

“Hindi ka ba nahihirapan sa mga Indian names?” tanong niya. Kasalukuyan silang nasa shuttle bus papuntang Eastwood.

Saglit na natigilan si Melvin na animo’y nag-iisip. Pagkatapos ay umiling-iling ito. “Hindi naman, bakit mo naitanong?”

Nanlaki ang mga mata ni Isabelle sa pagkamangha.

“Ang galing mo naman,” puri niya rito. “Sa hawak kong account na *Rising Sun*, kahit na Australian company siya, marami d’ung expats na Indian. ‘Yung mga pangalan nila, mga tipong Balasubramanian Saravanaperumal. Napakahaba at ang hirap basahin. Parang halos lahat ng letra sa alphabet ginamit at sinulit. Parang nag-panic buying ng letra mga magulang nila na para bang mauubusan sila ng letra.”

Hindi intensyon ni Isabelle na maging biro ang dating ng sinabi niya kaya nagulat siya nang mapansing tawa nang tawa si Melvin sa sinabi niya. Ngayon lang niya narinig na tumawa ito. He had a very masculine yet mellow laugh; katunog ng mga tawa ng mga lalaking DJ sa mga high-end radio stations na pinapakinggan ni Isabelle. Lihim siyang nakadama ng tuwa dahil sa kauna-unahang pagkakataon ay narinig niya kung paano tumawa ang lalaking lihim niyang iniibig. May kaunti rin siyang pagmamalaki na nadama dahil napatawa niya ito.

“Siyanga pala, anong oras na kayo nakauwi kagabi?” tanong ni Melvin na medyo hirap sa pagsasalita nang derecho dahil hindi pa rin ito maka-get over sa kakatawa.

Kaya marahil nito naitanong ay dahil late na itong umuwi pero naiwan pa siya sa opisina.

“Sa totoo lang, kaninang five a.m. lang kami natapos. Pay run kasi namin,” ani Isabelle.

Ang *pay run* na tinutukoy ng dalaga ay ang proseso kung saan kino-compute nila ang susuwelduhin ng bawat empleyado at titingnan ng mga validators kung tama ang pagkalkula ng mga ito bago i-input sa payroll system ng *Rising Sun*. Dahil humigit-kumulang sa thirteen thousand ang empleyado ng account na kinabibilangan ni Isabelle, madalas ay inuumaga na sila ng tapos kapag may *pay run*.

“Ano?!” bulalas ni Melvin. “And on time ka pa ring pumasok today?”

“Sanay naman kasi ako sa puyatan. ‘Tsaka kaya ko namang pumasok nang maaga ngayon. Partida wala pa akong energy drink nito. Malakas ‘to, ‘no!” may himig ng pagmamalaking sambit ni Isabelle.

“Kaya pala *Rising Sun* pangalan ng account n’yo, kasi inaabot na kayo ng pagsikat ng araw sa opisina kakatrabaho,” biro ni Melvin.

Medyo nawala ang antok niya sa pagtawa sa binitiwang joke ng lalaki. Kahit medyo puyat ngayong araw, nagawa niya pa ring bumangon... dahil ang pagsasabay nila ni Melvin sa pagpasok uma-umaga ang siyang nagbibigay sa kanya ng lakas at gana na

pumasok sa opisina. Walang-wala ang *Cobra* energy drink sa ginagawa nito na pagbuhay sa dugo niya.

Aminado si Isabelle na kinikilig pa rin siya kapag nakakasama ang lalaki kahit na isinisigaw ng isip niya na mag-move on na dahil kaibigan lang ang turing nito sa kanya. Sapagkat may munting puwang sa puso niya na may pag-asang magustuhan din siya nito balang araw.

Isang rock song ang umalingawngaw mula sa kung saan. Napansin ni Isabelle ang pagkapkap ni Melvin ng sarili nitong pantalon at kinuha mula sa bulsa ang cell phone nito.

Sinagot ni Melvin ang tawag.

“Hello, Miss Rose?” Kilala ni Isabelle ang Rose na iyon. Ito ang immediate manager ng lalaki. “Opo, Ma’am, pasakay na po kami ng shuttle bus. Bakit po?”

Tumahimik ito para pakinggan ang sinasabi ng kausap. At napansin ni Isabelle ang pagguhit ng kaba sa mukha ng lalaki sa kung anumang sinabi ng kausap nito. “Okay po, ‘bye.”

“Is anything wrong?” Di niya napigilan ang tanungin ito out of concern. Obvious kasi na balisa ito lalo na nang i-end nito ang tawag.

The Only Exception - Angela Pangilinan

“Pinapatawag ako...” mahinang sambit ni Melvin.

“Nino?” kunot-noo niyang tanong. May nagawa kaya itong mali sa trabaho?

Huminga nang malalim ang lalaki bago sumagot.
“Ni Mrs. Melanie Villagracia.”

3

Naghintay si Isabelle sa labas ng receiving area ng opisina ni Mrs. Villagracia. Dahil sa glass door at walls, tanaw mula sa kinatatayuan niya ang kabuuan ng receiving area. May mahabang itim na couch na may dark wood coffee table sa tapat. Kakulay ng coffee table ang desk ng sekretarya ni Mrs. Villagracia. Sa gawing kanan ng sekretarya ay ang pinto na may mga ukit na scrolls. May brass name plate na nakadikit sa naturang narra door na siyang mismong opisina ng VP.

Halos sampung minuto na siyang nakaabang doon. Inanyayahan pa nga siya ng sekretarya na maupo sa loob sa pag-aakalang may sadya siya kay Mrs. Villagracia. Magalang na lamang niya itong tinanggihan.

Pagkaraan ng sampu pang minuto ay lumabas na si Melvin. He looked a bit surprised nang makita siyang naghihintay. Nang maka-recover ang lalaki sa bahagyang pagkagulat ay naging poker-faced naman ito. Hindi tuloy mabasa ni Isabelle kung malungkot ito o ano.

Ang pansin niya ay tila may bumabagabag dito.

The Only Exception - Angela Pangilinan

She knew that kind of look very well. Sa maraming taon na paninirahan ni Isabelle kasama ang tatlong kapatid na pawang mga lalaki at ang kanyang ama, batid niya kung may problema ang mga ito kahit na blangko pa ang mga mukha.

“Isa, bakit ka nandito?”

At biglang bumalik sa isipan ni Isabelle ang talagang sadya niya. Kung nakinig lang siya kay Doray noon, dapat matagal na niyang inamin sa lalaki ang tunay niyang nararamdaman para rito. Ngunit ngayon lang siya nagkalakas ng loob at wala nang atrasan pa. Ngayon pang aalis na si Melvin sa *Progression*. She gathered all her strength, let go of her doubts, second thoughts, fears, and anxieties, then took a deep breath.

“Before you leave *Progression*, Melvin, I just want to say...”

Ngunit hindi na natapos ni Isabelle ang gagawin sanang pag-amin dahil bigla siyang niyakap ng katrabaho na sobra niyang ikinagulat.

“Isa, I am not leaving. I wasn’t fired.”

“So why exactly did Mrs. Villagracia call for you

if not to fire you?”

They decided to have a quick brunch in the pantry pagkatapos nilang manggaling sa opisina ng VP. Nakalahati na nila ang kinakaing roast beef, fries, at mashed potato nang magsimula silang mag-usap.

“It’s the seventy-fifth anniversary of *Progression* this coming September,” panimula ng lalaki.

Tumango-tango si Isabelle. “Okay. Go on.”

“Naghahanap ng marble sculptor si Mrs. Villagracia para sa gagawing commemorative water fountain sa main lobby ng *Progression* na kailangan nang masimulan next month,” kuwento nito sabay kinutsara ang natitira pang mashed potato at kinain. “It so happens na n’ung managers’ assembly, nabanggit ng manager kong si Miss Rose kay Mrs. Villagracia na ang tatay ko ay isang iskultor. Nakatira malapit sa *Quezon City Hall* si Miss Rose at alam niya na si Tatay ang nagdisenyo at umukit ng mga rebulto sa fountain ng city hall. Masyado yatang na-build up ni Miss Rose si Tatay at na-impress si Mrs. Villagracia. Kaya kinausap ako ni Mrs. Villagracia upang hingin ang serbisyo ni Tatay.”

Napanganga si Isabelle. Pamilyar sa kanya ang naturang fountain at ang mga rebulto roon. Malapit

sa unibersidad niya noon ang nasabing city hall kaya madalas niya iyong madaanan dati. Naalala niya ang mga rebulto roon—tatlong lalaking nakadapa, ang isa ay nakasuot ng damit pang-guardia civil. Ang isa ay naka-camouflage na tulad ng pananamit ng mga sundalong Amerikano. Ang natitira ay may bayoneta at naka-khaki, sumisimbolo sa isang sundalong Hapon.

Ang tatlong nakadapang sundalong iyon ay tinatapakan ng isang babaeng naka-*Baro't Saya*. Nakataas ang mga kamay ng babae at hawak nito ang isang banga kung saan lumalabas ang tubig ng fountain.

Inang Laya Fountain ang tawag sa naturang atraksyon sa munisipyo. Gandang-ganda siya sa mukha ng rebulto ng babae o ni *Inang Laya*. Ngayon lang naisip ni Isabelle, parang may kamukha si Inang Laya na kakilala niya. Hindi niya lang matukoy kung sino.

“So, do you also know how to make sculptures?” mangha niyang tanong rito.

“Naku, hindi,” natatawang tugon ng Melvin. “Gumawa nga ng palayok hindi ko kaya, marble pa kaya. Hindi ko namana kay Tatay Enteng ang skillful fingers niya sa pag-ukit sa marmol.” There was a hint

of frustration in Melvin's voice sa huli nitong pahayag. Hindi kaya gusto rin ng lalaki na maging magaling na iskultor gaya ng ama nito?

“Paano? Itinawag mo na ba sa tatay mo?”

Umiling-iling si Melvin. “Hindi pa, baka mamaya ko na lang sabihin pag-uwi ko. Hindi ko rin sigurado kung papayag siyang kunin ang proyekto. Ang alam ko, naka-komisyon siya ngayon sa paggawa ng mga rebulto sa isang itinatayong casino sa Parañaque.”

“Paano kapag hindi pumayag ang tatay mo?” may pag-aalala niyang tanong. “Tatanggalin ka ba ni Mrs. Villagracia sa *Progression*?” patuloy ni Isabelle.

“Palagay ko naman hindi. Ni hindi nga niya nabanggit kanina ang tungkol sa pagpapatugtog ko. Palagay ko nalimutan na ni Mrs. Villagracia ang insidenteng iyon.” Tumigil saglit sa pagsasalita si Melvin upang punasan ng tissue ang bibig. “Pero n’ung pumasok ako sa opisina niya kanina, akala ko talaga sisibakin na niya ako. Naisip ko, kung sakali mang sibakin niya ako, itutuloy ko na ang plano kong mag-Qatar.”

Nabanggit na ng lalaki sa kanya na gusto nitong mag-Qatar. Mining Engineering kasi ang natapos na kurso nito ngunit dahil hindi pa nakakapag-take ng

The Only Exception - Angela Pangilinan

board exam ay nanatili muna ito sa pagtatrabaho sa *Progression*.

Nakadama ng bahagyang pag-aalala si Isabelle. The thought of Melvin going overseas made her heartsick. Lalayo ang lalaki nang di man lang nito nalalaman na mahal niya ito.

“Manang Isa, *Red Box* tayo mamaya after office hours.”

Hawak ni Doray ang isang gift certificate ng *Red Box*, isang KTV bar sa *Eastwood Mall*. Ang naturang GC ang napanalunan nila noon sa *Payroll Fun Day*. Dahil walang ibang lakad si Isabelle nang gabing iyon ay pumayag siya.

“Ay, sige!” masayang tugon niya. “Hilig ko ang pagkanta.”

“Pero hilig ng mga tagapakinig mo ang magtakip ng tenga,” pang-aasar ni Doray na sinundan ng pagtawa ng buong team nila.

Kasama ang tatlo pa nilang ka-team na nakalaro rin nila noong fun day, nagtungo sila ni Doray sa *Red Box* nang pumatak ang alas seis ng gabi. Ngunit sa malas nilang lima, lahat ng KTV booth sa *Red Box* ay

okupado na at isang oras mahigit pa ang hihintayin nila upang may mabakante.

“Teka, di ba mga taga-C&G account iyon?” sambit ng ka-team nilang si Celine habang nakaturo sa isang booth.

Sure enough, ang unang napansin ni Isabelle sa naturang booth ay si Melvin na nakikipag-usap at nakikipagtawanan sa mga ka-team nito habang ang isang babae ay kumakanta.

“Mabuti pa, maki-share na lang tayo ng booth sa kanila,” suhestiyon ni Doray. “Tingin ko papayag naman sila, kasi makaka-menos sila dahil may GC tayo.”

“Hindi naman tayo close sa kanila,” pangamba ng ka-team nilang si Lilia. “Isa pa, sila ang nakalaban natin n’un, di ba?”

“Ano ba kayo, papayag ’yan. Isabelle has *connections*.” Idiniin ni Doray ang huling salita.

Alam ni Isabelle na ang tinutukoy nito ay si Melvin. Dahil na rin sa udyok ng mga ka-team niya, kinatok ni Isabelle ang pinto ng booth ng taga-C&G. Mabuti na lang at ang lalaki mismo ang nagbukas ng pinto. Marahil ay nakita siya nito sa maliit na see-through glass window ng booth.

“Melvin, makikiusap sana kami kung...” nahiihiya niyang panimula. Kahit na madalas silang magkasama nang mga nagdaang araw ay nahiihiya pa rin siya sa presensya ng lalaki. Ang lakas pa ng tibok ng puso niya nang mga sandaling iyon dala ng magkahalong hiya at kilig na nadarama.

Medyo nilakasan din niya ang boses dahil hindi sila masyadong magkarinigan dahil sa isang ka-team ni Melvin na patuloy na kumakanta. “Okay lang bang maki-share kami ng booth sa inyo?” Sabay na binalingan nina Isabelle at Melvin ng tingin ang mga ka-team ni Isabelle na nakatayo mga tatlong metro ang layo sa kanila. “May GC naman kami,” dagdag pa ni Isabelle. Palagay niya ay kailangan niya ring sabihin ang impormasyong iyon upang mapalaki ang tsansa niyang pumayag si Melvin.

“Uhm, I guess, okay lang naman. Malaki naman itong booth... so welcome,” anito.

Naging maayos naman ang pakikihalubilo nila sa mga ka-team ni Melvin kahit magkaiba sila ng account. Friendly ang mga ito. Ginamit nila ang GC sa pagbili ng mga inumin gaya ng beer at cocktails. Um-order din sila ng sisig at lechong kawali bilang pulutan.

Hindi talaga umiinom si Isabelle, napapaitan

kasi siya sa lasa ng beer. Pero nang abutan siya ni Melvin ng isang bote, sinubukan niya. It was a lemon-flavored beer at unang lagok pa lang ay nasarapan na siya. Napansin niyang beer in can ang hawak ng binata. Nang tumayo si Doray para kumanta ay tinabihan siya ng lalaki.

“Bakit n’yo nga pala naisipang mag-*Red Box*?” tanong ni Isabelle.

“Birthday ni Miss Rose. ‘Tsaka celebration lang na hindi ako matatangal sa *Progression*,’ ani Melvin at kumuha ng lechong kawali. “At pumayag na rin si Tatay Enteng sa paggawa ng anniv fountain ng *Progression*. In fact, nakipag-meeting na siya sa head architect noong isang araw,” dagdag pa nito.

“That’s fantastic!” high-pitched na tugon niya. She was feeling a bit weird after several gulps of beer. Dahil sa sarap ng lasa ng iniinom ay hindi napansin ni Isabelle na naparami na siya. And she started acting... unlike her usual self. Pakiramdam niya ay lahat ng hiya ay nawala sa kanya at para bang na-boost ang kanyang confidence.

Ganito pala ang epekto ng mga nakalalasing na inumin, naisip niya.

“Guys,” sabi ni Miss Rose habang hawak ang

mikropono. “Para naman mas enjoy, magbibigay ako ng one thousand pesos sa makakakuha ng highest score. Game ba lahat?”

Naghiyawan ang marami. Ang iba ay itinaas pa ang mga bote ng beer na hawak. Hindi na nagpatumpik-tumpik pa, agad na kinuha ni Isabelle ang song book at pinindot na ang number ng kantang napili. Umalingawngaw ang intro ng kantang *Love on Top* ni Beyonce.

“Isa, ayaw mo ng one thousand, ’no?” biro ni Doray.

“Doray, wala kang tiwala sa akin, I can sing this song kahit pa nakahiga. Hindi mo ba alam, ako ang mentor ni Jessica Sanchez nang kinanta niya ‘to sa *American Idol?*” sagot ni Isabelle habang kinukuha na ang microphone mula kay Miss Rose.

“Gan’un, kaya pala natalo si Jessica Sanchez, eh.”

Nang umabot na sa chorus ang kanta, pinilit ni Isabelle na maabot ang high notes ngunit halatang nahihirapan siya.

“*Baby it’s you, you’re the one I love. You’re the one I need. You’re the only one I see...*” hirap na hirap na pagkanta ni Isabelle.

“Sige, Manang Isabelle, maaabot mo ‘yan. Manalig ka lang! Go!” encourage ni Doray.

“*No baby, baby, it’s you...*” sabay umubo si Isabelle. “Sorry, guys, paos lang ako today, pero abot ko naman talaga ‘yang kanta na ‘yan,” pagdadahilan niya.

She didn’t care kahit pinagtatawanan na siya ng mga kasama nila. Biglang nag-flash ang score niya sa screen. She got a score of 97 despite her bloopers.

“Excuse me, guys, wala kayong karapatang pagtawanan ako unless you beat my score,” pabirong sambit ni Isabelle habang nakatiklop ang dalawang kamay sa dibdib. “Partida, paos pa ako n’yan,” she slurred. Napansin niyang kumunot ang noo ni Doray sa kanya. Marahil napansin na nito ang pag-iiba sa kilos niya.

Binitawan ni Melvin ang iniinom na beer in can sabay tumayo. Nagpalakpakan ang lahat dahil sa nangangamoy na showdown sa pagitan nina Isabelle at Melvin. Agad na kinuha ng lalaki ang mikropono na nakapatong sa mesa at pinindot ang numero ng kantang napili.

Nag-flash sa screen ang title ng kanta: *When You Say Nothing At All*.

The Only Exception - Angela Pangilinan

“It’s amazing how you can speak right to my heart,” panimula ni Melvin na agad nasintunado. Hindi maiwasan ng lahat, maging ni Isabelle, na matawa.

“Melvin, mas maganda siguro kung *when you sing nothing at all* na lang ikaw,” kantiyaw ni Miss Rose.

Ngunit sa mga sumunod na parte ng kanta ay biglang umayos ang pagkakaawit ni Melvin. Lalo pa tuloy nadagdagan ang nag-uumapaw nang paghanga ni Isabelle sa lalaki.

“OMG, I remember this song!” bulalas ng teammate niyang si Lilia. “Sinayaw namin ito ng crush ko n’ung JS Prom namin!”

Dahil na rin siguro sa may tama na ng beer at cocktail drinks ang iba niyang ka-team at ang mga taga-C&G, nagulat na lang si Isabelle nang isa-isang magsitayuan ang mga ito at naghanap ng kapareha. Pagkatapos ay biglang nag-slow dance ang mga magkakapareha na animo ay nasa prom ang mga ito.

“*The smile on your face lets me know that you need me. There’s a truth in your eyes saying you’ll never leave me,*” patuloy ni Melvin sa pagkanta.

Siya na lang ang walang kapareha at medyo

The Only Exception - Angela Pangilinan

nawiwirduhan na siya sa ikini kilos ng mga ka-team niya at ng mga ka-team ni Melvin. Di namalayan ni Isabelle, unti-unti na palang naglalakad papalapit sa kanya si Melvin. Nagulat na lang siya nang biglang hawakan nito ang kanang kamay niya at sinimulan siyang isayaw.

“A-ano’ng ginagawa mo?” natanong na lang ni Isabelle. Hindi na siya nakakalas pa sa pagkakahawak ng lalaki sa kanya dahil sa pagkabigla.

“Wala, gusto lang kitang partneran sa sayaw,” kaswal lang na tugon nito.

“Ba’t mo ko pinapartneran sa sayaw? Ayoko sa’yo... bading ka naman, eh!” pang-aasar ni Isabelle. Nagulat din siya sa naibulalas. Dahil na rin siguro sa impluwensya ng nainom na beer kaya ang lakas ng loob niyang magbiro ng ganoon dito.

Siguro nga dahil hindi siya sanay uminom kaya may tama na agad siya. Pati katabilan niya, parang hindi niya mapigilan.

“Ano’ng sinabi mo?” gulat na tanong ni Melvin at natigil ito sa pagsasayaw.

“Ang bingi ng ilong mo! Ang sabi ko bading ka! Bading! Bading! Bading!” patuloy ni Isabelle, mas malakas na kaysa kanina kaya nagtinginan ang mga

nakarinig sa kanya.

“Bading pala, ha...”

At hindi inasahan ni Isabelle ang sumunod na nangyari. Nadama na lang niya na hinawakan ni Melvin ang magkabila niyang pisngi at bigla siyang hinalikan ng lalaki sa kanyang mga labi. And the sweet sensation of his lips on hers seemed more intoxicating than all the beer she'd consumed.